

أدعية جامعة (للجمعية)

# Mga Panalanging Masaklaw

# Mga Panalanging Masaklaw<sup>1</sup>

## Una. Ang mga Panalangin Mula sa Qur'ān

رَبَّنَا تَقَبَّلْ مِنَّا إِنَّكَ أَنْتَ السَّمِيعُ الْعَلِيمُ\* وَتُبْ عَلَيْنَا إِنَّكَ أَنْتَ  
التَّوَّابُ الرَّحِيمُ. رَبَّنَا آتِنَا فِي الدُّنْيَا حَسَنَةً وَفِي الْآخِرَةِ حَسَنَةً  
وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ. رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا فِتْنَةً لِّلَّذِينَ كَفَرُوا فَبِمَا  
كُنَّا عَلَيْكَ تَرْتَدِّدُونَ وَلَا تُحْمِلْ عَلَيْنَا إصْرًا كَمَا كُنَّا عَلَى الَّذِينَ مِن قَبْلِنَا. رَبَّنَا وَلَا  
تَحْمِلْنَا مَا لَا طَاقَةَ لَنَا بِهِ وَاعْفُ عَنَّا وَارْحَمْنَا إِنَّكَ  
مَوْلَانَا فَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ. رَبَّنَا لَا تَجْعَلْ قُلُوبَنَا بَعْدَ إِذْ  
هَدَيْتَنَا وَهَبْ لَنَا مِن لَّدُنكَ رَحْمَةً إِنَّكَ أَنْتَ الْوَهَّابُ. رَبَّنَا إِنَّا أَمَّا  
فَافْعَلْ لَنَا دُئُوبَنَا وَقِنَا عَذَابَ النَّارِ. رَبِّ هَبْ لِي مِن لَّدُنكَ ذُرِّيَّةً

---

<sup>1</sup> Ang mga ito ay mga panalanging masaklaw kabilang sa nasaad sa Marangal na Qur'ān o natumpak na salaysay buhat sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan). Isinasabatas ang pagdalangin sa pamamagitan ng mga ito sa bawat panahon at pook, na kabilang doon sa pagsasagawa ng tawāf at sa'y at sa `Arafah at Muzdalifah subalit ang mga ito ay hindi natatangi sa mga iyon.

طَيِّبَةً إِنَّكَ سَمِيعُ الدُّعَاءِ. رَبَّنَا آمَنَّا بِمَا أُنزِلَتْ وَاتَّبَعْنَا الرَّسُولَ  
فَاكْتُبْنَا مَعَ الشَّاهِدِينَ. رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَإِسْرَافَنَا فِي أَمْرِنَا  
وَتَثَبِّتْ أَقْدَامَنَا وَانصُرْنَا عَلَى الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ. رَبَّنَا مَا خَلَقْتَ هَذَا  
بَاطِلًا سُبْحَانَكَ فَقِنَا عَذَابَ النَّارِ. رَبَّنَا إِنَّكَ مَنْ تَدْخِلِ النَّارَ فَقَدْ  
أَخْرَيْتَهُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنْصَارٍ رَبَّنَا إِنَّنَا سَمِعْنَا مُنَادِيًا يُنَادِي  
لِلْإِيمَانِ أَنْ آمِنُوا بِرَبِّكُمْ فَآمَنَّا رَبَّنَا فَاغْفِرْ لَنَا ذُنُوبَنَا وَكَفِّرْ عَنَّا  
سَيِّئَاتِنَا وَتَوَقَّنَا مَعَ الْأَبْرَارِ. رَبَّنَا وَآتِنَا مَا وَعَدْتَنَا عَلَى رُسُلِكَ وَلَا  
تُخْزِنَا يَوْمَ الْقِيَامَةِ إِنَّكَ لَا تُخْلِفُ الْمِيعَادَ. رَبَّنَا ظَلَمْنَا أَنْفُسَنَا وَإِنْ  
لَمْ تَغْفِرْ لَنَا وَتَرْحَمْنَا لَنَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ. رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا مَعَ  
الْقَوْمِ الظَّالِمِينَ. حَسْبِيَ اللَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا هُوَ عَلَيْهِ تَوَكَّلْتُ وَهُوَ رَبُّ  
الْعَرْشِ الْعَظِيمِ. رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا فِتْنَةً لِّلْقَوْمِ الظَّالِمِينَ وَنَجِّنَا  
بِرَحْمَتِكَ مِنَ الْقَوْمِ الْكَافِرِينَ. رَبِّ اجْعَلْ هَذَا الْبَلَدَ آمِنًا وَاجْنُبْنِي  
وَبَنِيَّ أَنْ نَعْبُدَ الْأَصْنَامَ. رَبِّ اجْعَلْنِي مُقِيمَ الصَّلَاةِ وَمِنْ ذُرِّيَّتِي  
رَبَّنَا وَقَبَلْ دُعَاءِ. رَبَّنَا اغْفِرْ لِي وَلِوَالِدَيَّ وَلِلْمُؤْمِنِينَ يَوْمَ يَقُومُ  
الْحِسَابُ. رَبَّنَا آتِنَا مِنْ لَدُنْكَ رَحْمَةً وَهَيِّئْ لَنَا مِنْ أَمْرِنَا رَشَدًا.  
رَبِّ اشْرَحْ لِي صَدْرِي، وَيَسِّرْ لِي أَمْرِي. رَبِّ زِدْنِي عِلْمًا. لَا  
إِلَهَ إِلَّا أَنْتَ سُبْحَانَكَ إِنِّي كُنْتُ مِنَ الظَّالِمِينَ. رَبِّ لَا تَذَرْنِي فَرْدًا  
وَأَنْتَ خَيْرُ الْوَارِثِينَ. رَبِّ أَعُوذُ بِكَ مِنْ هَمَزَاتِ الشَّيَاطِينِ

وَأَعُوذُ بِكَ رَبِّ أَنْ يَحْضُرُونِ. رَبَّنَا آمَنَّا فَاغْفِرْ لَنَا وَارْحَمْنَا  
وَأَنْتَ خَيْرُ الرَّاحِمِينَ. رَبِّ اغْفِرْ وَارْحَمْ وَأَنْتَ خَيْرُ الرَّاحِمِينَ.  
رَبَّنَا اصْرِفْ عَنَّا عَذَابَ جَهَنَّمَ إِنَّ عَذَابَهَا كَانَ غَرَامًا. إِنَّهَا  
سَاءَتْ مُسْتَقَرًّا وَمُقَامًا. رَبَّنَا هَبْ لَنَا مِنْ أَزْوَاجِنَا وَذُرِّيَّاتِنَا قُرَّةَ  
أَعْيُنٍ وَاجْعَلْنَا لِلْمُتَّقِينَ إِمَامًا. رَبِّ أَوْزِعْنِي أَنْ أَشْكُرَ نِعْمَتَكَ الَّتِي  
أَنْعَمْتَ عَلَيَّ وَعَلَى وَالِدَيَّ وَأَنْ أَعْمَلَ صَالِحًا تَرْضَاهُ وَأَدْخِلْنِي  
بِرَحْمَتِكَ فِي عِبَادِكَ الصَّالِحِينَ. رَبِّ إِنِّي ظَلَمْتُ نَفْسِي فَاغْفِرْ  
لِي. رَبِّ نَجِّنِي مِنَ الْقَوْمِ الظَّالِمِينَ. عَسَى رَبِّي أَنْ يَهْدِيَنِي سَوَاءَ  
السَّبِيلِ. رَبِّ إِنِّي لِمَا أَنْزَلْتَ إِلَيَّ مِنْ خَيْرٍ فَقِيرٌ. رَبِّ هَبْ لِي مِنَ  
الصَّالِحِينَ. رَبِّ أَوْزِعْنِي أَنْ أَشْكُرَ نِعْمَتَكَ الَّتِي أَنْعَمْتَ عَلَيَّ  
وَعَلَى وَالِدَيَّ وَأَنْ أَعْمَلَ صَالِحًا تَرْضَاهُ وَأَصْلِحْ لِي فِي ذُرِّيَّتِي  
إِنِّي تُبْتُ إِلَيْكَ وَإِنِّي مِنَ الْمُسْلِمِينَ. رَبَّنَا عَلَيْكَ تَوَكَّلْنَا وَإِلَيْكَ أَنْبَأْنَا  
وَالِإِيكَ الْمَصِيرُ. رَبَّنَا اغْفِرْ لَنَا وَلِإِخْوَانِنَا الَّذِينَ سَبَقُونَا بِالْإِيمَانِ  
وَلَا تَجْعَلْ فِي قُلُوبِنَا غِلًا لِلَّذِينَ آمَنُوا رَبَّنَا إِنَّكَ رَؤُوفٌ رَحِيمٌ.  
رَبَّنَا لَا تَجْعَلْنَا فِتْنَةً لِلَّذِينَ كَفَرُوا وَاعْفِرْ لَنَا رَبَّنَا إِنَّكَ أَنْتَ الْعَزِيزُ  
الْحَكِيمُ. رَبَّنَا أُنِّمْنَا نَورَنَا وَاعْفِرْ لَنَا إِنَّكَ عَلَى كُلِّ شَيْءٍ قَدِيرٌ.

Rabbanā taqabbal minnā innaka anta -ssamī`u  
-l`alīm (Panginoon Namin, tanggapin Mo mula sa

amin; tunay na Ikaw ay ang Madinigin, ang Maalam)\* (Qur'ān 2:127)

wa-tub `alaynā innaka anta -ttawābu -rrahīm.  
(at tanggapin Mo ang pagbabalik-loob namin;  
tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain.) (Qur'ān 2:128)

Rabbanā ātinā fi -ddunyā ḥasanatan wa-fi  
l'akhirati ḥasanatan wa-qinā `adhāba -nnār.  
(Qur'ān 2:201)

Rabbanā lā tu'ākhidhnā in nasīnā aw akhṭa'nā.  
(Panginoon namin, huwag Kang magpanagot sa  
amin kung nakalimot kami o nagkamali kami.)  
(Qur'ān 2:28)

Rabbanā lā tuḥammilnā iṣran kamā  
ḥammaltahu `ala -lladhīna min qablinā.  
(Panginoon namin, huwag Kang magpabuhat sa

amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin.)

Rabbanā lā tuḥammilnā mā lā ṭāqata lanā bihi wa-`fu `annā wa-ghfir lanā wa-rḥamnā; anta mawlānā fa-nṣurnā `alā -lqawmi -lkāfirin. (Panginoon namin, huwag Kang magpabuhat sa amin ng isang pabigat na gaya ng ipinabuhat Mo sa mga bago pa namin. Panginoon namin, huwag Kang magpapasan sa amin ng anumang wala kaming lakas doon. Magpaumanhin Ka sa amin, magpatawad Ka sa amin, at maawa Ka sa amin; Ikaw ay Mapagtangkilik sa amin, kaya mag-adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging sumampalataya.) (Qur'ān 2:286)

Rabbanā lā tuzigh qulūbanā ba`da idh hadaytanā wa-hab lanā mil ladunka raḥmatan; innaka anta -lwahhāb. (Panginoon namin, huwag

Kang magpaliko sa mga puso namin matapos noong nagpatnubay Ka sa amin at magkaloob Ka sa amin ng awa mula sa panig Mo; tunay na Ikaw ay ang Palakaloob. ) (Qur'ān 3:8)

Rabbanā innanā amannā fa-ghfir lanā dhunubanā wa-qinā `adhābana -nnār. (Panginoon Namin, tunay na kami ay sumampalataya kaya magpatawad Ka sa amin sa mga pagkakasala namin at magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.) (Qur'ān 3:16)

Rabbi hab li mil ladunka dhurriyatan ṭayyibatan; innaka samī`u -ddu`ā' (Panginoon ko, magkaloob Ka sa akin mula sa nasa Iyo ng isang supling na kaaya-aya; tunay na Ikaw ay Madinigin sa panalangin.) (Qur'ān 3:38)

Rabbanā amannā bimā anzalta wa-ttaba`nā -rrasūla fa-ktubnā ma`a -shshāhidīn. (Panginoon

namin, sumampalataya kami sa pinababa Mo at sumunod kami sa sugo kaya isulat Mo kami kasama sa mga tagasaksi.) (Qur'ān 3:53)

Rabbana -ghfir lanā dhunūbanā wa-isrāfanā fī amrinā wa-thabbīt aqdāmanā wa-nṣurnā `ala -lqawmi -lkāfirīn. (Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin sa mga pagkakasala namin at pagpapakalabis namin sa pumapatungkol sa amin, magpatatag Ka sa mga paa namin, at mag-adya Ka sa amin laban sa mga taong tagatangging sumampalataya.) (Qur'ān 3:147)

Rabbanā mā khalaqta hādhā bāṭilan subḥānaka fa-qinā `adhāba -nnār. (Panginoon namin, hindi Ka lumikha nito nang walang-saysay. Kaluwalhatian sa Iyo, kaya magsanggalang Ka sa amin sa pagdurusa sa Apoy.) (Qur'ān 3:191)

Rabbanā innaka man tudkhilu -nnāra fa-qad akhzaytahu wa-mā li-ḏḏālimīna min anṣār. (Panginoon namin, tunay na Ikaw, sa sinumang ipapasok Mo sa Apoy, ay nagpahiya nga sa kanya. Walang ukol sa mga tagalabag sa katarungan na mga tagaadya.) (Qur'ān 3:192)

Rabbanā innanā sami`nā munādiyan yunādi li-l'imāni an āminu bi-rabbikum fa-āmannā fa-ghfir lanā dhunubanā wa-kaffir `annā sayyi'ātinā wa-tawaffanā ma`a -l'abrār. (Panginoon namin, tunay na kami ay duminig sa isang tagapanawagang nananawagan para sa pananampalataya, na [nagsasabi]: "Sumampalataya kayo sa Panginoon ninyo," kaya sumampalataya kami. Panginoon namin, kaya magpatawad Ka sa amin sa mga pagkakasala namin, magtakip-sala Ka sa amin sa mga masagwang gawa namin, at magpapanaw Ka sa

amin kasama sa mga \*mabuting-loob.) (Qur'ān 3:193)

Rabbanā wa-ātinā mā wa`attanā `alā rusulika wa-lā tuḥzinnā yawma -lqiyāmati; innaka lā tukhlifu -lmi`ād. (Panginoon namin, magbigay Ka sa amin ng ipinangako Mo sa mga sugo Mo, at huwag Kang magpahiya sa amin sa Araw ng Pagbangon; tunay na Ikaw ay hindi sumisira sa ipinangako.) (Qur'ān 3:194)

Rabbanā ḍḥalamnā anfusanā wa-il lam taghfir lanā wa-tarḥamnā la-nakūnanna mina -lkhāsirīn. (Panginoon namin, lumabag kami sa katarungan sa mga sarili namin. Kung hindi Ka magpapatawad sa amin at maaawa sa amin, talagang kami nga ay magiging kabilang sa mga lugi.) (Qur'ān 7:23)

Rabbanā lā taj`alnā ma`a -lqawmi -ḍḍālimīn. (Panginoon Namin, huwag Kang maglagay sa amin

kasama sa mga taong tagalabag sa katarungan.)  
(Qur'ān 7:23)

Hasbiya -llāhu lā ilāha illā huwa `alayhi  
tawakkaltu wa-huwa rabbu -l'arshi -l'aḍim.  
(Kasapatan sa akin si Allāh. Walang Diyos kundi  
Siya; sa Kanya ako nanalig. Siya ay ang Panginoon  
ng tronong dakila.) (Qur'ān 9:129)

Rabbanā lā taj'alnā fitnatal li-lqawmi -  
ḍḍālimīn wa-najjinā bi-rahmatika mina -lqawmi -  
lkāfirīn. (Panginoon namin, huwag Mo kaming  
gawin bilang pinag-uusig para sa mga taong  
tagalabag sa katarungan, at iligtas Mo kami sa  
pamamagitan ng awa Mo laban sa mga taong  
tagatangging sumampalataya.) (Qur'ān 10:85-86)

Rabbi -j'al hādha -lbalada āminan wa-jnubnī  
wa-banīya an na`buda -l'snām. (Panginoon ko,  
gawin Mo ang bayang ito na matiwasay at

paiwasin Mo ako at ang mga anak ko na sumamba kami sa mga anito.) (Qur'ān 14:35)

Rabbi -j`alnī muqīma -ṣṣalāti wa-min dhurriyati, Rabbanā wa-taqabbal du`ā'i. (Panginoon ko, gawin Mo ako na tagapagpanatili ng pagdarasal at ang [marami] kabilang sa mga supling ko, Panginoon Namin, at tanggapin Mo ang panalangin ko.) (Qur'ān 14:40)

Rabbana -ghfir lī wa-li-wālidayya wa-li-lmu'minīna yawma -lḥisāb. (Qur'ān 14:40)

Rabbanā ātinā mil ladunka raḥmatan wa-hayyi' lanā min amrinā rashadā. (Panginoon namin, magbigay Ka sa amin ng awa mula sa nasa Iyo at maglaan Ka para sa amin, kaugnay sa nauukol sa amin, ng isang kagabayan.) (Qur'ān 18:10)

Rabbi -shraḥ lī ṣdrī wa-yassir lī amrī. (Qur'ān 20:25)

Rabbi zidnī `ilmā. (Qur'ān 20:114)

Lā ilāha illā anta; subḥānaka. Innī kuntu mina -ḍḍālimīn. (Walang Diyos kundi Ikaw. Kaluwalhatian sa Iyo! Tunay na ako dati ay kabilang sa mga tagalabag sa katarungan.) (Qur'ān 21:87)

Rabbi lā tadharnī fardan wa-anta khayru -lwāriin. (Panginoon ko, huwag Mo akong hayaang mag-isa. Ikaw ay ang pinakamabuti sa mga tagapagmana.) (Qur'ān 21:89)

Rabbi a`ūdhu bika min hamazāt -shshayātīna wa-a`ūdhu bika rabbi an yaḥḍurūn. (Panginoon ko, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa mga pambubuyo ng mga demonyo at nagpapakupkop

ako sa Iyo, Panginoon ko, na dumalo sila sa akin.)  
(Qur'ān 23:97)

Rabbanā āmannā fa-ghfir lanā wa-rḥamnā  
wa-anta khayru -rrāḥimīn. (Panginoon namin,  
sumampalataya kami kaya magpatawad Ka sa  
amin at maawa Ka sa amin; at Ikaw ay ang  
pinakamabuti sa mga naaawa.) (Qur'ān 23:109)

Rabbi- ghfir wa-anta khayru -rrāḥimīn.  
(Panginoon ko, magpatawad Ka at maawa Ka  
yayamang Ikaw ay ang pinakamabuti sa mga  
naaawa.) (Qur'ān 23:118)

Rabbana -ṣrif `annā `adhāba jahannama inna  
`adhābahā kāna gharāmā. Innahā sā'at  
mustaqarran wa-maqāmā. (Panginoon namin,  
maglihis Ka palayo sa amin ng pagdurusang  
Impiyerno; tunay na ang pagdurusang roon ay laging  
makapit. Tunay na iyon ay kay sagwa bilang

pagtitigilan at bilang panananatilihan!) (Qur'ān 25:65-66)

Rabbanā hab lanā min azwājinā wa-dhurriyātinā qurrata a`yunin wa-j`alnā li-lmuttaqīna imāmā. (Panginoon namin, magkaloob Ka sa amin mula sa mga asawa namin at mga supling namin ng ginhawa ng mga mata, at gumawa Ka sa amin para sa mga tagapangilag magkasala bilang tagapanguna.) (Qur'ān 25:74)

Rabbi awzi`nī an ashkura ni`mataka -llatī an`amta `alayya wa-`alā wālidayya wa-an a`mala ṣāliḥan tarḍāhu wa-adkhilnī bi-rahmatika fī `ibādika -ṣṣāliḥīn. (Panginoon ko, mag-udyok Ka sa akin na magpasalamat ako sa biyaya Mong ibiniyaya Mo sa akin at sa mga magulang ko at na gumawa ako ng maayos na kinalulugdan Mo, at magpapasok Ka sa akin, sa pamamagitan ng awa

Mo, sa mga lingkod Mong mga maayos.) (Qur'ān 27:19)

Rabbi innī ǧalamtu nafsī fa-ghfir lī.  
(Panginoon ko, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko kaya magpatawad Ka sa akin.) (Qur'ān 28:16)

Rabbi najjinī mina -lqawmi -ǧǧālimīn.  
(Panginoon ko, iligtas Mo ako laban sa mga taong tagalabag sa katarungan.) (Qur'ān 28:21)

`Asā rabbī an yahdiyanī sawā'a -ssabīl.  
(Marahil ang Panginoon ko ay magpapatnubay sa akin sa katumpakan ng landas.) (Qur'ān 28:22)

Rabbi innī limā anzalta ilayya min khayrin faqīr  
(Panginoon ko, tunay na ako, sa pinababa Mo sa akin na anumang kabutihan, ay maralita.)  
(Qur'ān 28:24)

Rabbi hab lī mina -ṣṣaliāīn. (Panginoon ko, magkaloob Ka para sa akin [ng anak] kabilang sa mga maayos.) (Qur'ān 37:100)

Rabbi awzi`nī an ashkura ni`mataka -llatī an`amta `alayya wa-`alā wālidayya wa-an a`mala ṣāliḥan tarḍāhu wa-aṣliḥ lī fī dhurrīyātī; innī tubtu ilayka wa-innī mina -lmuṣlimīn. (Panginoon ko, mag-udyok Ka sa akin na magpasalamat ako sa biyaya Mong ibiniyaya Mo sa akin at sa mga magulang ko at na gumawa ako ng maayos na kinalulugdan Mo, at magsaayos Ka para sa akin ng mga supling ko; tunay na ako ay nagbalik-loob sa Iyo at tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim.) (Qur'ān 46:15)

Rabbanā `alayka tawakkalnā wa-ilayka anabnā wa-ilayka -lmaṣīr.(Panginoon namin, sa Iyo kami nanalig, tungo sa Iyo kami nagsisising

bumalik, at tungo sa Iyo ang kahahantungan.)  
(Qur'ān 60:4)

Rabbana -ghfir lanā wa-li-ikhwānina -lladhīna  
sabaqūnā bi-l'imāni wa-lā taj'al fī qulūbinā ghillal  
li-lladhīna āmanū. rabbanā innaka ra'ūfur rāḥīm.  
(Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa  
mga kapatid namin na nauna sa amin sa  
pananampalataya at huwag Kang maglagay sa mga  
puso namin ng isang pagkamuhi sa mga  
sumampalataya. Panginoon namin, tunay na Ikaw  
ay Mahabagin, Maawain.) (Qur'ān 59:10)

Rabbanā lā taj'alnā fitnatal li-lladhīna kafarū  
wa-ghfir lanā. Rabbanā innaka anta -l'azīzu -  
lḥakīm. (Panginoon namin, huwag Kang gumawa  
amin bilang pinag-uusig para sa mga tumangging  
sumampalataya at magpatawad Ka sa amin,

Panginoon namin; tunay na Ikaw ay ang Makapangyarihan, ang Marunong.) (Qur'ān 60:4)

Rabbanā atmim lanā nūranā wa-ghfir lanā innaka `alā kulli shay'in qadīr. (Panginoon namin, lumubos Ka para sa amin ng liwanag namin at magpatawad Ka sa amin; tunay na Ikaw sa bawat bagay ay May-kakayahan.) (Qur'ān 66:8)

## **Una. Ang mga Panalangin Mula sa Sunnah na Pampropeta**

Allāhumma innī a`ūdhu bika min fitnati -nnāri wa-`adhābi -nnār, wa-fitnati -lqabri wa-`adhābi -lqabr, wa-sharri fitnati -lghinā wa-sharri fitnati -lfaqr. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng Impiyerno at pagdurusa sa Impiyerno, sigalot sa libingan at pagdurusa sa libingan, at kasamaan ng sigalot ng pagkamayaman at kasamaan ng sigalot pagkamaralita.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika fitnati -lmasīhi -ddajjāl. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng Bulaang Kristo.)

Allāhumma ---ghsil qalbī bi--mā'i --ththalji wa-lbarad, wa-naqqi qalbī mina --lkhaṭāyā, kamā naqqayta --ththawba --l'abyaḍa mina -ddanas, wa-bā'id baynī wa-bayna khaṭāyāya kamā bā'adta bayna -lmashriqi wa-lmaghrib. (O Allāh, hugasan Mo ang puso ko sa pamamagitan ng tubig ng yelo at niyebe, linisin Mo ang puso ko mula sa mga kamalian kung paanong naglinis Ka sa puting damit mula sa karumihan, at paglayuin Mo ako at ang mga kamalian ko kung paanong nagpalayo Ka sa pagitan ng silangan at kanluran.)

Allāhumma innī a'ūdhu bika min -lkasali wa-lharami wa-l-ma'thami wa--lmaghram. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa katamaran, pagkaulyanin, kasalanan, at pagkakautang.)

Allāhumma innī a'ūdhu bika mina -l'ajzi wa-lkasali wa-ljubni wa-lharami wa-lbukhl, wa-a'ūdhu bika min `adhābi -lqabri wa-min sharri fitnati -lmaḥyā wa-lmamāt. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karuwagan, pagkaulyanin, at karamutan; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagdurusa sa libingan at laban sa kasamaan ng sigalot ng buhay at pagkamatay.)

Allāhumma innī a'ūdhu bika min jahdi -lbalā' wa-daraki -shshaqā'i wa-su'i -lqaḍā' wa-shamātati -l'a'dā'. (O Allāh, tunay na ako ay

nagpapakupkop sa Iyo laban sa pahirap ng kasawiang-palad, kalaliman ng kamiserablehan, kasagwaan ng pagkatadhana, at pagkagalak ng mga kaaway)

Allāhumma aṣliḥ lī dīni -llādhī huwa `iṣmatu amrī, wa-aṣliḥ lī dunyāya -llatī fiha ma`āshī, wa-aṣliḥ lī ākhirati -llatī ilayhā ma`ādī, wa-j`ali -lḥayātā ziyādatan lī min kulli khayr, wa-j`ali -lmawta rāḥatan lī min kulli sharr. (O Allāh, isaayos Mo para sa akin ang pagrerelihiyon ko na siyang pananggalang sa kapakanan ko, isaayos Mo para sa akin ang Mundo ko na nasa loob nito ang kabuhayan ko, isaayos Mo para sa akin ang Kabilang-buhay ko na doon ang uwian ko, gawin Mo ang buhay bilang karagdagan para sa akin sa bawat kabutihan, gawin Mo ang kamatayan bilang kapahingahan para sa akin sa bawat kasamaan.)

Allāhumma innī as'aluka -lḥudā wa-ttuqā wa-l'afāfa, wa-lghinā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa iyo ng patnubay, pangingilag magkasala, kalinisang puri, at kasapatan.

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -l'ajzi wa-lkasali wa-ljubni wa-lbukhl wa-lharami, wa-`adhābi -lqabr. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karuwagan, karamutan, pagkaulyanin, at pagdurusa sa libingan.)

Allāhumma āti nafsī taqwāhā wa-zakkihā; anta khayru man zakkāhā, anta waliyuhā wa-mawlāhā. (O Allāh, magbigay Ka sa sarili ko ng panginigilag magkasala nito at magbusilak Ka rito; Ikaw ay ang pinakamabuti sa sinumang nagbusilak nito, Ikaw ay ang Katangkilik nito at ang Mapagtangkilik nito.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min `ilmil lā yanfa`, wa-min qalbin lā yaksha`, wa-min nafsil lā tashba`, wa-min da`watil lā yustajābu lahā. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa isang kaalamang hindi nagpakinabang, laban sa isang pusong hindi nagtataimtim, laban sa isang sariling hindi nabubusog, at laban sa isang panalanging hindi tinutugon.)

Allāhumma -hdinī wa-saddidnī. (O Allāh, patnubayan Mo ako at itama Mo ako.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min zawāli ni`matika, wa-taḥawwuli `āfiyatika, wa-fujā'ati niqmatika, wa-jamī'i sakḥaṭik. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa paglaho ng biyaya Mo, pagbabagong-anyo ng kagalingang dulot Mo, pambibigla ng higanti Mo, at lahat ng inis Mo.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min sharri mā `amiltu wa-min sharri mā lam a`mal. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan ng anumang ginawa ko at laban sa kasamaan ng anumang hindi ko ginawa.)

Lā ilāha illā -llāhu -l'adīmu -lḥalīm, lā ilāha illā -llāhu rabbu -l'arshi -l'adīm, lā ilāha illā -llāhu rabbu -ssamāwāti wa-rabbu -l'arḍi wa-rabbu -l'arshi -lkarīm. (Walang Diyos kundi si Allāh, ang Sukdulan, ang Matimpiin. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng tronong sukdulan sa laki. Walang Diyos kundi si Allāh, ang Panginoon ng mga langit at lupa at ang Panginoon ng tronong marangal.)

Allāhumma raḥmataka arjū, fa-lā takilnī ilā nafsī ṭarfata `ayn, wa-aṣliḥ lī sha'nī kullahu; lā ilāha illā ant. (O Allāh, ang awa Mo ay inaasahan ko. Kaya huwag Mo akong ipagkatiwala sa sarili ko sa isang kisap-mata at isaayos Mo para sa akin ang pumapatungkol sa akin sa kabuuan nito; walang Diyos kundi Ikaw.)

Allāhumma innī `abduk, ibnu `abdik, ibnu amatik. Nāṣiyatī bi-yadik, māḍin fiya ḥukmuk, `adlun fiya qaḍā'uk. As'aluka bi-kullī -smin huwa lak, sammayta bihi nafsak, aw `allamtahu aḥadam min khalqik, aw anzaltahu fī kitābik, awī -sta'tharta bihi fī `ilmi -lghaybi `indak, an taj'ala -lqur'āna rabī'a qalbī, wa-nūra ṣadri, wa-jilā'a ḥuznī, wa-dhahāba hammī. (O Allāh, tunay na ako ay alipin Mo, anak ng lalaking alipin Mo, at anak ng babaing alipin Mo. Ang bumbunan ko ay nasa kamay Mo, na matutupad sa akin ang hatol Mo, at makatarungan sa akin ang paghuhukom Mo.

Humihiling ako sa Iyo sa pamamagitan ng bawat pangalan na siyang ukol sa Iyo, na ipinangalan Mo sa sarili Mo, o itinuro mo sa isa sa mga nilikha Mo, o ibinaba Mo sa Aklat Mo, o sinarili Mo sa kaalaman sa nakalingid na nasa Iyo, na gawin Mo ang Qur'ān bilang bukal ng puso ko, liwanag ng dibdib ko, pagpapalisan ng kalungkutan ko, at pag-alis ng pag-aalala ko.)

Allāhumma muṣrifa -lqulūb ṣarrif qulūbana `alā ṭa`ātik. (O Allāh, Tagapagpabaling ng mga puso, magpabaling Ka ng mga puso namin sa pagtalima sa Iyo.)

Yā muqalliba -lqulūbi, thabbit qalbī `alā dīnik (O Tagapagpabagu-bago ng mga puso, magpatatag KaMo ang puso ko sa Relihiyon mo).

Allāhumma innī as'aluka -l`āfiyata fi -ddunyā wa-l`āakhirah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kagalingan sa Mundo at Kabilang-buhay.)

Allāhumma aḥsin `āqibatanā fi -l'umūri kullihā wa-ajirnā min khizyi -ddunyā wa-`adhābi -l`āakhirah. (O Allāh, pagandahin Mo ang kahihinatnan namin sa mga bagay-bagay sa kabuuan ng mga ito at kalingain Mo kami laban sa kahihiyan sa Mundo at pagdurusa sa Kabilang-buhay.)

Rabbi a`innī wa-lā tu`in `alayya, wa-nṣurnī wa-lā tanṣur `alayya, wa-mkur lī wa-lā tamkur `alayya, wa-hdinī wa-yassir -lhudā ilayya, wa-

nşurnī `alā man bagā `alayya. (Panginoon ko, tumulong Ka sa akin at huwag Kang tumulong laban sa akin, mag-adya Ka sa akin at huwag Kang mag-adya laban sa akin, magpakana Ka para sa akin at huwag Kang magpakana laban sa akin, magpatnubay Ka sa akin, magpadali Ka ng patnubay sa akin, at mag-adya Ka sa akin laban sa sinumang lumabag sa akin.)

Rabbi -j`alnī laka shakkāran, laka dhakkāran, laka rahhāban, laka miāwā`an, ilayka mukhbitan, tawwāban munīban. (Panginoon ko, gawin Mo na palapasalamat sa Iyo, na palaalaala sa Iyo, na palapangilag sa Iyo, na mapagtalima sa Iyo, nagmamabang-loob sa Iyo, na palataghoy na nagsising nagbabalik.)

Rabbi taqabbal tawbatī, wa-ghsil ḥawbatī, wa-ajib da`watī, thabbit ḥujjatī, wa-hdī qalbī, wa-saddid lisānī, wa-slul sakhīmata qalbī. (Panginoon ko, tanggapin Mo ang pagbabalik-loob ko, hugasan Mo ang kasalanan ko, sagutin Mo ang panalangin ko, patatagin Mo ang katwiran ko, patnubayan Mo ang puso ko, itama Mo ang dila ko, at hugutin Mo ang hinanakit ng puso ko.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min sharri sam`ī, wa-min sharri başrī, wa-min sharri lisānī, wa-min sharri qalbī, wa-min sharri manīyi. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan ng pandinig ko, laban sa kasamaan ng paningin ko, laban sa kasamaan

ng dila ko, laban sa kasamaan ng puso ko, at laban sa kasamaan ng punlay ko.<sup>1</sup>)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lbaraṣi wa-ljunūn, wa-ljudhām, wa-min sayy'i -l'asqām. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa ketong, kabaliwan, at filariasis,<sup>2</sup> at laban sa masagwa sa mga karamdaman.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min munkarāti -l'akhlāqi wa-l'a`māli wa-l'ahwā'. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa mga nakasama sa mga kaasalan, mga gawain, at mga pithaya.)

Allāhumma, innaka `afūwun karīmun tuḥibbu -l'afwa fa-`fu `annī. (O Allāh, tunay na Ikaw ay Mapagpaumanhin na Mapagbigay, na umiibig sa pagpapaumanhin, kaya magpaumanhin Ka sa akin.)"

O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng paggawa ng mga kabutihan; humihiling sa Iyo ng pag-iwan sa mga nakasasama, pag-ibig sa

---

<sup>1</sup> Nagsabi si Al-Maḍharī: "Ibig sabihin: laban sa kasamaan ng pananaig ng punlay ko nang sa gayon hindi ako masadlak sa pangangalunya at pagtingin sa mga ipinagbabawal." Qūt Al-Mughtadī`Ala Jāmi` At-Tirmidhiy, 2/860.

<sup>2</sup> Isang sakit na kilala, na kumakain ng laman [ng tao] at nalalagas ito. Magkupkop nawa sa atin si Allāh (napakataas Siya) laban dito. Sharḥ Sunan Abī Dāwud ni Ibnu Raslān, 7/411.

mga dukha, na magpatawad Ka sa akin, maawa Ka sa akin, at kapag nagnais Ka ng isang ligalig sa mga tao, papanawin Mo ako nang hindi niligalig; at humihiling sa Iyo ng pag-ibig Mo, pag-ibig ng sinumang umiibig sa Iyo, at pag-ibig sa isang gawaing nagpapalapit sa pag-ibig Mo.

O Allāh hinihiling ko sa Iyo ang lahat ng mabubuti maging ito man ay sa una o sa huli, Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman, At ako ay nagpapakupkop sa Iyo mula sa lahat ng masasama, maging ito man sa una at sa huli, Ang mga nalalaman ko rito at ang hindi ko nalalaman

Allāhumma innī as'aluka min khayri mā sa'alaka `abduka wa-nabīyuka wa-a`ūdhu bika min sharri mā `āda bihi `abduka wa-nabīyuka. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling mula sa kabutihan ng hiniling sa Iyo ng Lingkod Mo at Propeta Mo at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kasamaan ng pinagpakupkupan ng Lingkod Mo at Propeta Mo.)

Allāhumma innī as'aluka -ljannata wa-mā qarraba ilayhā min qawlin aw `amalin, wa-a`ūdhu bika mina -nnāri wa-mā qarraba minhā min qawlin aw `amalin, wa-as'luka an taj'ala kulla qadā'in qadaytahu lī khayrā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso at anumang nagpapalapit tungo roon na sinasabi at ginagawa, nagpapakupkop sa Iyo laban sa

Apoy at anumang nagpapalapit mula roon na sinasabi at ginagawa, at humihiling sa Iyo na gawin Mo ang bawat pagtatadhanang itinadhana Mo para sa akin bilang kabutihan.)

Allāhumma -ḥfaḍnī bi-l'slāmi qā'imān wa-ḥfaḍnī bi-l'slāmi qā'idān wa-ḥfaḍnī bi-l'slāmi rāqidan, wa-lā tushmitu bī `adūwan wa-lā ḥūsidā. (O Allāh, ingatan Mo ako sa pamamagitan ng Islām habang nakatayo, ingatan Mo ako sa pamamagitan ng Islām habang nakaupo, at ingatan Mo ako sa pamamagitan ng Islām habang nakahiga, at huwag Mong patuwain sa kasawian ko ang isang kaaway ni ang isang naiinggit.)

Allāhumma innī as'aluka min kulli khayrin khazā'inuhu bi-yadika wa-a'ūdhu bika min kulli sharrin khazā'inuhu bi-yadik. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa iyo mula sa bawat kabutihang ang mga imbakan nito ay nasa kamay Mo at nagpapakupkop sa iyo mula sa bawat kasamaang ang mga imbakan nito ay nasa kamay Mo.)

Allāhumma -qsim lanā min khashyatika mā yaḥūlu baynanā wa-bayna ma`āṣika, wa-min ṭa`atika mā tuballighunā bihi jannataka, wa-min -lyaqīni mā tuhawwinu `alaynā maṣā'iba -ddunyā. (O Allāh, magbahagi Ka para sa amin mula sa pagkatakot sa Iyo ng sasagabal sa pagitan namin at ng mga pagsuway sa Iyo, mula sa pagtalima sa Iyo ng magpapaabot sa

amin sa pamamagitan nito sa Paraiso Mo, at mula sa pagkatiyak ng magpapagaan sa amin ng mga kasawiang-palad ng Mundo.)

Allāhumma matti`nā bi-asmā`inā, wa-absārinā, wa-qūwatinā mā aḥyaytanā, wa-j`alhu -lwāritha minnā, wa-j`al tha'ranā `alā man ḍalamanā, wa-nṣurnā `alā man `ādānā, wa-lā taj`al muṣibatānā fī dīninā, wa-lā taj`ali -ddunyā akbara hamminā, wa-lā mablagha `ilminā, wa-lā tusalliṭ `alaynā man lā yarḥamunā. (O Allāh, pagtamasain Mo kami ng mga pandinig namin, paningin namin, at lakas namin hanggat nagbibigay-buhay Ka sa amin; gawin Mo ang tagapagmana mula sa amin;<sup>1</sup> gawin Mo ang paghihiganti namin sa sinumang umapi sa amin; iadya Mo kami laban sa sinumang nakipag-away sa amin; huwag Mong gawin ang kasawiang-palad namin sa pagrerelehiyon namin; huwag Mong gawin ang Mundo bilang pinakamalaking alalahanin namin ni hangganan ng kaalaman namin; at huwag Mong bigyang-kapamahalaan sa amin ang sinumang hindi naaawa sa amin.)

---

<sup>1</sup> Nangangahulugan ito: panatilihin mo sa amin ang lakas ng mga pandinig namin at mga paningin namin matapos ng paghina na mga ibang bahagi ng katawan namin hanggang sa kamatayan. Al-Maf`h Fī Sharḥ Al-Maṣābīḥ, 3/248

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -ljubni, wa-a`ūdhu bika mina -lbukhli, wa-a`ūdhu bika min an urradda ilā ardhali -l`umri, wa-a`ūdhu bika min fitnati -ddunyā, wa-min `adhābi -lqabri. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, nagpapakupkop sa Iyo laban sa karamutan, nagpapakupkop sa Iyo na hindi ako paabutin sa pinakahamak na gulang, at nagpapakupkop sa Iyo laban sa sigalot ng Mundo at pagdurusa sa libingan.)

Allāhumma -ghfir lī khatī`atī, wa-jahlī, wa-isrāfī fī amrī, wa-mā anta a`lamu bihi minnī. Allāhumma -ghfir lī jiddī wa-hazlī, wa-khaṭa`ī wa-`amdī, wa-kullu dhālika `indī. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng kamalian ko, pagkamangmang ko, at pagpapakalabis ko sa nauukol sa akin; Ikaw ay higit na maalam dito kaysa sa akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin sa pagseseryoso at pagbibiru-biro [ka sa kasalanan], at pagkakamali ko at pananadya ko. Ang lahat ng iyon ay sa ganang akin.)

Allāhumma --ghfir lī, wa--rḥamnī, wa-hdinī, wa-`āfinī, wa-rzuqnī. (O Allāh, patawarin Mo ako, kaawaan Mo ako, patnubayan Mo ako, palusugin Mo ako, at tustusan Mo ako.)

Allāhumma innī ḍalamtu nafsī ḍulman kathirā, wa-lā yaghfiru -dhdhunūba illā anta, fa-ghfir lī maghfiratam min `indika wa-rḥamnī; innaka anta -lghafūru -rraḥīm. (O Allāh, tunay na ako ay lumabag sa katarungan sa sarili ko

nang maraming paglabag at walang nagpapatawad sa mga pagkakasala kundi Ikaw, kaya magpatawad Ka sa akin ng isang kapatawarang mula sa Iyo at maawa Ka sa akin; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)

Allāhumma laka aslamtu, wa-bika āmantu, wa-`alayka tawakkaltu, wa-ilayka anabtu, wa-bika khāsamtu, wa-ilayka hākamtu, fa-ghfir lī mā qaddamtu. (O Allāh, sa Iyo ako nagpasakop, sa Iyo ako sumampalataya, sa Iyo ako nanalig, sa Iyo ako nagsisising nagbalik-loob, at dahil sa Iyo ako nakipagtalos.)

Allāhumma innī a`ūdhu bi-`izzatika - lā ilāha illā anta - an tuḍallanī. Anta -lḥayyu -lḥadī lā yamūtu wa-ljinnu wa-l'insu yamūtūn. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa kapangyarihan Mo - walang Diyos kundi ikaw - na makapagligaw Ka sa akin. Ikaw ay ang Buhay na hindi namamatay samantalang ang jinn at ang tao ay namamatay.)

Allāhumma innī as'aluka mūjibāti raḥmatika, wa-`azā'ima maghfiratika, wa-ssalāmata min kulli ithmin, wa-lghanīmata min kulli birrin, wa-lfawza bi-ljannati, wa-nnajāta mina -nnār (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mga tagapag-obliga ng awa Mo,<sup>1</sup> mga pagtitika

---

<sup>1</sup> Ibig sabihin: ang mga ginagawa, ang mga sinasabi, at ang mga katangian na natatamo ang awa Mo para sa

ng kapatawaran Mo,<sup>1</sup> kalayaan mula sa bawat kasalanan, pakinabang mula sa bawat pagsasamabuting-loob, pagkatamo ng Paraiso, at kaligtasan mula sa Impiyerno.)

Allāhumma -ghfir lī dhambī, wa-wassi` lī fī dārī, wa-bārik lī fī rizqī. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko, magpaluwag ka para sa akin ng tahanan ko, magpala Ka sa akin sa panustos sa akin.)

Allāhumma innī as'aluka min faḍlika wa-rahmatika fa-innahu lā yamlikuhā illā anta. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo mula sa kabutihang-loob Mo at awa Mo sapagkat tunay na walang nagmamay-ari nito kundi Ikaw.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -ttaraddī, wa-lhadmi, wa-lgharaqi, wa-lḥaraqi; wa-a`ūdhu bika, an yatakhabbatāni -shshayṭānu `inda -lmawti; wa-a`ūdhu bika an amūta fī sabilika mudbiran; wa-a`ūdhu bika an amūta ladīghā. (O Allāh, tunay na ako ay

---

akin dahilan sa mga ito. Al-Mafātīḥ Fī Sharḥ Al-Maṣābīḥ, 2/304.

<sup>1</sup> Ang pagtitika ay ang kakanyahang isinasagawa ng tao – ibig sabihin: pinapakay nito ito – na pakay ng puso at pagseseryoso rito. Nangangahulugan ito: humihiling ako ng mga kakanyahang nakakamit ang kapatawaran Mo dahilan sa mga ito. Al-Mafātīḥ Fī Sharḥ Al-Maṣābīḥ, 2/304.

nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkalaglag, pagkawasak, at pagkasunog; nagpapakupkop sa Iyo na makapagtuliro sa akin ang demonyo sa sandali ng kamatayan; nagpapakupkop sa Iyo na mamatay ako sa landas Mo habang tumatalikod; at nagpapakupkop sa Iyo na mamatay ako habang natuklaw.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -ljū`i fa-innahu bi'sa -ḍḍajī`u wa-a`ūdhu bika mina -lkhiyānati fa-innahā bi'sati -lbiṭānah. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa gutom sapagkat tunay na ito ay kay saklap na kasiping at nagpapakupkop sa Iyo laban sa kataksilan sapagkat tunay na ito ay kay saklap na kapalagayang-loob.).

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -l`ajzi wa-lkasali wa-ljubni wa-lbukhli, wa-lharami, wa-qaswati, wa-lghaflati, wa-`aylati, wa-dhddhillati, wa-lmaskanati; wa-a`ūdhu bika mina -lfaqri, wa-lkufri, wa-lfusūqi, wa-shshiqāqi, wa-nnifāqi, wa-ssum`ati, wa-rriyā`i; wa-a`ūdhu bika mina -ṣṣamami, wa-lbakami, wa-ljunūn, wa-ljudhāmi, wa-lbaraṣi, wa-sayy`i -l'asqām. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kawalang-kakayahan, katamaran, karuwagan, karamutan, pagkaulyanin, kabagsikan, pagkalingat, pagkadahop,<sup>1</sup>

---

<sup>1</sup> Ang pagkadahop ay ang pagkadalita. Al-Mu`allim bi-Fawā'id Muslim, 1/279

kaabahan, at pagkadukha; nagpapakupkop sa Iyo laban sa karalitaan, kasuwailan, hidwaan, pagpapaimbabaw, pagpapasikat, at pagpapakitang-tao; at nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkabingi, pagkapipi, pagkabaliw, filariasis, at masagwa sa mga karamdaman.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -lfaqri wa-lqillati wa-dhddhillati wa-a`ūdhu bika min an aḍlima aw uḍlam. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karalitaan, kasalatan, at kahamakan; at nagpapakupkop sa Iyo na makapang-api ako o maapi ako.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min jāri -ssū'i fī dār -lmuqāmati fa-inna jāra -lbādiyati yataḥawal. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa kapit-bahay ng kasagwaan sa tahanan ng panananatilihan sapagkat tunay ang kapit-bahay sa ilan ay nagpapalit-ano.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min qalbil lā yakhsha`u wa-min -nafsil lā tashba`u wa-min du`ā'il lā yusma`u wa-min `ilmil lā yanfa`. Allāhumma innī a`ūdhu bika min hā'ulā'i -l'arba`. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa isang pusong hindi natatakot, laban sa isang sariling hindi nabubusog, laban sa isang panalanging hindi dinidinig, at laban sa isang kaalamang hindi nagpapakinabang. O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa apat na ito.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min yawmi -ssū'i wa-min laylati -ssū'i wa-min sā`ati -ssū'i wa-min šāhibi -ssū'i wa-min jār -ssū' fi dār -lmuqāmati. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa araw ng kasagwaan, laban sa gabi ng kasagwaan, laban sa oras ng kasagwaan, laban sa kasamahan ng kasagwaan, laban sa kapit-bahay ng kasagwaan sa tahanan ng panananatilihan.)

Allāhumma innī as'aluka -ljannata wa-astajīru bika mina -nnār. (O Allāh, tunay na ako ay humihingi sa iyo ng Paraiso at nagpapakalinga sa iyo laban sa Impiyerno.)

Allāhumma faqqihnī fi -ddīn. (O Allāh, magpaunawa Ka sa akin sa Relihiyon.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika an ushrika bika wa-ana a`lamu wa-astaghfiruka limā lā a`lam. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo na magtambal ako sa Iyo samantalang ako ay nakaaalam at humihingi sa Iyo ng tawad sa anumang hindi ko nalalaman.)

Allāhumma -nfa`nī bimā `alamtanī wa-`allimnī mā yanfa`unī, wa-zidnī `ilmā. (O Allāh, magpakinabang Ka sa akin ng itinuro Mo sa akin, magturo Ka sa akin ng magpapakinabang sa akin, at magdagdag Ka sa akin ng kaalaman.)

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa-rizqan ṭayyiban wa-`amalan mutaqqabbalā. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng

kaalamang nagpapakinabang, panustos na kaaya-aya, at gawang tinatanggap.)

Allāhumma innī as'aluka yā allāh bi-annaka -lwāḥidu -l'aḥadu -ṣṣamadu -lladhī lam yalid wa-lam yūlad wa-lam yakul lahu kufuwan aḥad, an taghfira lī dhunūbī innaka anta -lghafūru -rraḥīm. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo, o Allāh, yayamang tunay na Ikaw ay ang Nag-iisa, ang Kaisa-isa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay, na magpatawad Ka sa akin sa mga pagkakasala ko; tunay na Ikaw ay ang Mapagpatawad, ang Maawain.)

Allāhumma innī as'aluka bi-anna laka -lḥamdu. Lā ilāha illā anta waḥḍaka lā sharīka laka -lmannānu, yā badī'a -ssamāwāti wa-l'ardi, yā dha -ljalāli wa-l'ikrām, yā ḥayyu, yā qayyūmu, innī as'aluka -ljannata wa-a'ūdhu bika mina -nnār. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo yayamang ukol sa Iyo ang papuri. Walang Diyos kundi Ikaw – tanging Ikaw: walang katambal sa Iyo. Ang Mapagbiyaya, O Tagapagpasimula ng mga langit at lupa, O Ukol sa pagkapinagpipitaganan at pinagpaparangalan, O Buháy, O Mapagpanatili, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng Paraiso at nagpapakupkop sa Iyo laban sa Im.)

Allāhumma innī as'aluka bi-annī ashhadu annaka anta -llāhu lā ilāha illā anta -l'aḥadu -ṣṣamadu -lladhī lam yalid wa-lam yūlad wa-lam yakul lahu kufuwan aḥad. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo yayamang tunay na ako ay sumasaksi na Ikaw ay si Allāh. Walang Diyos kundi Ikaw, ang Kaisa-isa, ang Dulugan, na hindi nagkaanak at hindi ipinanganak at walang isa na sa Kanya ay naging kapantay.)

Rabbi -ghfir lī wa-tub `alayya; innaka anta -ttawwābu -lghafūr. (Panginoon ko, magpatawad Ka sa akin at tumanggap Ka sa akin ng pagbabalik-loob; tunay na Ikaw ay ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Mapagpatawad.)"

Allāhumma bi'ilmika -lghayba wa-qudratika `ala -lkhalqi aḥyini mā `alimta -lḥayāta khayral lī wa-tawaffanī idhā `alimta -lwafāta khayral lī. (O Allāh, sa pamamagitan ng kaalaman Mo sa Nakalingid at kakayahan Mo sa paglikha, magbigay-buhay Ka sa akin kapag nalaman Mong ang buhay ay mabuti para sa akin at magpapanaw Ka sa akin kapag nalaman Mong ang pagpanaw ay mabuti para sa akin.)

Allāhumma as'aluka khashyataka fi -lghaybi wa-shshahādah, wa-as'aluka kalimata -lḥaqqi fi -rriḍā wa-ghaḍab, wa-as'aluka -lqaṣḍi fi -lfaqri wa-lghinā, wa-as'aluka na`imal lā yanfad, wa-as'aluka qurrata `aynil lā tanqaṭi, wa-as'aluka -rriḍā'a ba`da -lqaḍā', wa-as'aluka

barda -l'ayshi ba`da -lmawt, wa-as'aluka  
ladhdhata -nnaḍari ilā wajhika wa-shshawqa  
ilā liqā'ika fī ghayri ḍārr'a muḍirratin wa-lā  
fitnatim muḍillah. (O Allāh, humihiling ako Iyo  
ng pagkatakot sa Iyo sa Nakalingid at  
Nasasaksihan, humihiling ako Iyo ng salita ng  
katotohanan sa lugod at galit, humihiling ako  
Iyo ng pagkakatataman sa karalitaan at  
pagkayaman, humihiling ako Iyo ng isang  
kaginhawahang hindi nauubos, humihiling  
ako Iyo ng ginhawa ng mata na hindi  
napuputol, humihiling ako Iyo ng pagkalugod  
matapos ng pagkatakda, humihiling ako Iyo ng  
lamig ng pamumuhay matapos ng pagkamatay,  
at humihiling ako Iyo ng sarap ng pagtingin sa  
mukha Mo at pag-akay patungo sa  
pakikipagkita sa Iyo sa hindi kariwaraang  
tagapinsala ni sigalot na tagapagligaw.)

Allāhumma zayyinnā bi-zīnati -l'īmāni wa-  
j'alnā hudāta -lmuhtadīn. (O Allāh, maggayak  
Ka sa amin ng gayak ng pananampalataya at  
gumawa Ka sa amin bilang mga  
tagapagpatnubay ng mga mapatnunubayan.)

Allāhumma -rzuqnī ḥubbaka wa-ḥubba man  
yanfa`unī ḥubbuhu `indak. (O Allāh, magtustos  
Ka sa akin ng pag-ibig Mo, pag-ibig ng  
sinumang magpapakinabang sa akin ang pag-  
ibig nito sa ganang Iyo.)

Allāhumma mā razaqtanī mimmā uḥibbu fa-  
j'alhu qūwatal lī fīmā tuḥibb. (O Allāh, ang

anumang itinustos Mo sa akin mula sa iniibig Mo ay gawin Mo ito bilang lakas para sa akin sa anumang iniibig Mo.)

Allāhumma -rzuqnī ḥubbaka wa-ḥubba man yanfa`unī ḥubbuhu `indak. (O Allāh, magtustos Ka sa akin ng pag-ibig Mo, pag-ibig ng sinumang magpapakinabang sa akin ang pag-ibig nito sa ganang Iyo.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika mina -ljubni wa-lbukhli wa-sū'i -l'umuri, wa-fitnati -ṣṣadri wa-`adhābi -lqabr. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa karuwagan, katamaran, karamutan, kasagwaan ng edad, sigalot ng dibdib, at pagdurusa sa libingan...)

Allāhumma rabba jibra'ila wa-mikā'ila wa-rabba isrāfil, a`ūdhu bika min ḥarri -nnār, wa-min `adhābi -lqabr. (O Allāh, Panginoon nina Jibrā'il at Mikā'il at Panginoon ni Isrāfil, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa init ng Apoy at laban sa pagdurusa sa libingan.)

Allāhumma, alhimnī rushdī wa-a`idhnī min sharri nafsī. (O Allāh, magkasi Ka sa akin ng paggabay sa akin at magkupkop Ka sa akin laban sa kasamaan ng sarili ko)

Allāhumma innī as'aluka `ilman nāfi`an wa-a`ūdhu bika min `ilmil la yanfa`. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng kaalamang nagpapakinabang at nagpapakupkop sa Iyo laban sa isang kaalamang hindi nagpapakinabang.)

Allāhumma rabba -ssamāwāti -ssab`i wa-rabba -l'arđi wa-rabba -l'arshi -l'ađīm, rabbanā wa-rabba kulli shay', fāliqa -lħabbi wa-nnawā, wa-munzila -ttawrāti wa-l'injili wa-lfurqān, a`ūdhu bika min sharri kulli shay'in anta ākhidhum bi-nāṣiyatih. Allāhumma anta -l'awwalu fa-laysa qablaka shay', wa-anta -l'ākhiru fa-laysa ba`daka shay', wa-anta -ḍḍāhir fa-laysa fawqaka shay', wa-anta -lbātinu fa-laysa dūnaka shay', iqđi `annā -ddayna wa-aghninā mina -lfaqr. (O Allāh, Panginoon ng pitong langit, Panginoon ng lupa, at Panginoon ng tronong sukdulan sa laki, Panginoon namin at Panginoon ng bawat bagay, tagapagpabuka ng mga butil at mga buto,<sup>1</sup> tagapagpababa ng Torah, Ebanghelyo, at Furqān, nagpapakupkop ako sa Iyo laban sa bawat bagay na Ikaw ay dadaklot sa bumbunan nito. O Allāh, Ikaw ang Una kaya walang anuman bago Mo, Ikaw ang Huli kaya walang anuman matapos Mo, Ikaw ang Nangingibabaw kaya walang anuman sa ibabaw Mo, Ikaw ang Nakaaarok kaya walang anuman sa ilalim Mo. Wakasan Mo para sa

---

<sup>1</sup> Ibig sabihin: Tagapagbiyak ng butil kaya may lumalabas mula rito na puso ng mga butil at ng buto kaya may lumalabas mula rito na puno ng datiles. Al-Mufhim Limā Ashkal Min Talkhīṣ Kitāb Muslim, 7/41.

amin ang pagkakautang at payamanin Mo kami laban sa karalitaan.)

Allāhumma allif bayna qulūbinā, wa-aṣliḥ dhāta bayninā, wa-hdinā subula -ssalām, wa-najjinā mina -ḍḍulumāti ila -nnūr, wa-jannibna -lfawāḥisha wa-lfitani mā ḍahara minhā wa-mā baṭan, wa-bārik lanā fī asmā'inā wa-abṣārinā wa-qulūbinā wa-azwājinā wa-dhurriyātinā, wa-tub `alaynā innaka anta -ttawwābu -rraḥīm, wa-j`alnā shākirinā li-ni`amika muthnina bihā `alayka qābilina lahā, wa-atmimhā `alaynā. (O Allāh, magbuklod Ka sa pagitan ng mga puso namin; magsaayos Ka ng nasa pagitan namin; magpatnubay Ka sa amin sa mga landas ng kapayapaan; magligtas Ka sa amin mula sa mga kadiliman tungo sa liwanag; magpalayo Ka sa amin sa mga mahalay at mga sigalot: sa nalantad sa mga ito at nakubli; magpala Ka sa amin sa mga pandinig namin, mga puso namin, mga kabiyak namin, at mga supling namin; tumanggap Ka sa amin ng pagbabalik-loob – tunay na Ikaw ang Palatanggap ng pagbabalik-loob, ang Maawain; gumawa Ka sa amin bilang mga tagapagpasalamat sa mga biyaya Mo, na mga tagapagbunyi dahil sa mga ito sa Iyo, na mga tagatanggap ng mga ito; at maglubos Ka sa amin.)

Allāhumma innī as'aluka khayra -lmas'alah, wa-khayra -ddu`ā, wa-khayra -nnajāḥ, wa-

khayra -l'amal, wa-khayra -ththawāb, wa-khayra -lḥayāh, wa-khayra -lmamāt. Wa-thabbitinī, thaqqil mawāzīnī, wa-ḥāqqiq imānī, wa-rfa` darajātī, wa-taqabbal ṣalātī, wa-ghfir khaṭī`atī. Wa-as'aluka -ddarajātī -l'ulā mina -ljannah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mabuti ng paghiling, mabuti ng panalangin, mabuti ng tagumpay, mabuti ng gawain, mabuti ng gantimpala, mabuti ng buhay, at mabuti ng pagkamatay. Patatagin Mo ako, pabigatin Mo ang mga timbangan [ng gawa] ko, isakatotohanan Mo ang pananampalataya ko, iangat Mo ang mga antas ko, tanggapin mo ang dasal ko, at patawarin Mo ang pagkakamali ko. Hinihiling ko ang mga antas na pinakamatataas mula sa )

Allāhumma innī as'aluka fawātiḥa -lkhayri wa-khawātimahi, wa-jawāmi`ahi, wa-awwalahu, wa-ḍāhirahu, wa-bāṭinahu, wa-ddarajātī -l'ulā mina -ljannah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mga tagabukas ng kabutihan, mga tagapinid nito, mga tagatipon nito, una nito, panlabas nito, panloob nito, at mga antas na pinakamatataas mula sa Paraiso.)

Allāhumma innī as'aluka khayra mā', wa-khayra mā af'alu, wa-khayra mā a`malu, wa-khayra mā baṭana, wa-khayra mā ḍahara, wa-ddarajātī -l'ulā mina -ljannah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng mabuti ng

ibinibigay ko, mabuti ng ikinikilos ko, mabuti ng ginagawa ko, mabuti ng nakubli, mabuti ng nalantad, at mga antas na pinakamatataas mula sa Paraiso.)

Allāhumma innī as'aluka an tarfa`a dhikrī, wa-tada`a wizrī, wa-tuṣliḥa amrī, wa-tuṭahhira qalbī, wa-tuḥaṣṣina farjī, wa-tunawwira qalbī, wa-taghfira lī dhambi; wa-as'aluka -ddarajāti -l'ulā mina -ljannah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo na mag-angat Ka ng pagbanggit sa akin, mag-alis Ka ng pasanin ko, magsaayos Ka ng nauukol sa akin, magdalisay Ka ng puso ko, magpaingat Ka ng kalinisang-puri ko, magtanglaw Ka ng puso ko, at magpatawad Ka sa akin ng pagkakasala ko; humiling sa Iyo ng mga antas na pinakamatataas mula sa Paraiso.)

Allāhumma innī as'aluka an tubārika fī nafsī wa-fī sam`ī wa-fī baṣrī, wa-fī rūḥī, wa-fī khalqī, wa-fī khuluqī, wa-fī ahli, wa-fī maḥyāya, wa-fī mamātī, wa-fī `amali, fa-taqabbal ḥasanāti; wa-as'aluka -ddarajāti -l'ulā mina -ljannah. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo na magpala Ka sa sarili ko, sa pandinig ko, sa paningin ko, sa espiritu ko, sa pagkalikha sa akin, sa kaasalan ko, sa mag-anak ko, sa pagkabuhay ko, sa pagkamatay ko, at sa gawain ko kaya tanggapin Mo ang mga magandang gawa ko; at humiling sa Iyo ng mga antas na pinakamatataas mula sa Paraiso.)

Allāhumma jannibnī munkarāti -l'akhlāqi wa-l'a`māli wa-l'ahwā'i wa-l'adwā'. (O Allāh, magpalayo Ka sa akin sa mga nakasasama sa mga kaasalan, mga gawain, mga pithaya, at mga karamdaman.)

Allāhumma qanni`nī bimā razaqtanī wa-bārik lī fīhi, wa-khluf `alayya kulla ghā'ibatin lī bi-khayr. (O Allāh, magpakuntento Ka sa akin sa itinustos Mo sa akin, magpala Ka sa akin dito, at mag-iwan Ka sa akin sa bawat wala sa akin ng isang kabutihan.)

Allāhumma ḥāsibnī ḥisāban yasīrā. (O Allāh, magtuos Ka sa akin ng isang magaang pagtutuos.)

Allāhumma a`innī `alā dhikrika wa-shukrika wa-ḥusni `ibādatik. (O Allāh, tulungan Mo ako sa pag-alaala sa Iyo, pagpapasalamat sa Iyo, at pagpapaganda ng pagsamba sa Iyo.)

Allāhumma innī as'aluka imānal lā yartaddu wa-na`imal lā yanfadu wa-murāfaqata nabīyika muḥammadin ṣalla -llāhu `alayhi wa-sallama fī a`lā jannati -l'khuld. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyo ng isang pananampalataya na hindi tumatalikod, isang kaginhawahang hindi nauubos, at pakikisamahan sa Propeta Mong si Muḥammad – basbasan [Mo] siya, O Allāh, at pangalagaan – sa pinakamataas ng Paraiso ng Pananatili.)

Allāhumma qinī sharra nafsi, wa-`zim lī `alā arshadi amrī. Allāhumma -ghfir lī mā asrartu wa-mā a`lantu wa-mā akhṭa'tu wa-mā `amadtu wa-mā `alimtu wa-mā jahiltu. (O Allāh, magsanggalang Ka sa akin sa kasamaan ng sarili ko at magpatika Ka sa akin sa pinakamatino sa nauukol sa akin. O Allāh, magpatawad Ka sa akin ng anumang inilihim ko, anumang inihayag ko, anumang ipinagkamali ko, anumang sinadya ko, anumang nalaman ko, at anumang ikinamangmang ko.)

Allāhumma innī a`ūdhu bika min ghalbati -ddayni wa-ghalbati -l`adūwi wa-shamātati -l'a`dā'. (O Allāh, tunay na ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa pagkadaig ng utang, pagkadaig ng kaaway, at pagkatuwa ng mga kaaway.)

Allāhumma --ghfir lī, wa--hdinī, wa-rzuqnī, wa-`āfinī. A`ūdhu bi-llāhi min ḍiqi -lmaqāmi yawma -lqiyāmah. (O Allāh, magpatawad Ka sa akin, magpatnubay Ka sa akin, magtustos Ka sa akin, at magpalusog Ka sa akin. Nagpapakupkop ako kay Allāh laban sa kasikipan ng tayuan sa Araw ng Pagbangon.)

Allāhumma matti`nī bi-sam`i wa-baṣarī, wa-j`alhuma -lwāritha minnī, wa-nṣurnī `alā man yaḍlimunī, wa-khudh minhu bi-tha'rī. (O Allāh, pagtamasain Mo ako ng pandinig ko at paningin ko, gawin Mo ang dalawang ito bilang

ang tagapagmana mula sa akin, iadya Mo ako laban sa sinumang mang-aapi sa akin, at kunin Mo mula sa kanya ang paghihiganti sa akin.)

Allāhumma innī as'aluka `ishatan naqīyatan wa-mīṭatan sawīyatan wa-maraddan ghayra mukhzin wa-lā fāḍih. (O Allāh, tunay na ako ay humihiling sa Iyō ng isang pamumuhay na dalisay, isang pagkamatay na katamtaman, isang mauuwiang hindi magpapahiya ni mag-iiskandalo.)

Allāhumma aḥsanta khalqī fa-aḥsin khalqī. (O Allāh, nagpaganda Ka ng pagkalikha sa akin kaya magpaganda Ka ng kaasalan ko.)

Allāhumma -ghfir li-lmu'minīna wa-lmu'mināt. (O Allāh, magpatawad Ka sa mga lalaking mananampalataya at mga babaing mananampalataya.)

Allāhumma thabbitnī wa-j`alnī hādiyan mahdiyyā. (O Allāh, gawin Mo ako bilang tagapatnubay na pinatnunubayan.)

Allāhumma ātinī -lḥikmata -llatī man ūtiyahā fa-qad ūtiya khayran kathīrā. (O Allāh, ibigay Mo ang karunungan na ang sinumang binigyan nito ay binigyan nga ng maraming kabutihan.)

Si Allah ay higit na maalam. Basbasan ni Allah at pangalagaan ang Propeta nating si Muḥammad.

## **Index**

|                                                              |    |
|--------------------------------------------------------------|----|
| Mga Panalanging Masaklaw.....                                | 2  |
| Una. Ang mga Panalangin Mula sa Qur'ān.....                  | 2  |
| Una. Ang mga Panalangin Mula sa Sunnah na<br>Pampropeta..... | 19 |